
# LIBRITO NG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA



OPISINA NG PANGKALAHATANG ABUGADO NG ALASKA,
DIBISYONG PANGKRIMEN

# Talaan ng mga Nilalaman


Pangkalahatang-Tanaw ..... 1

Mga Karapatan ng mga Biktima sa Ilalim ng Saligang-Batas ng Alaska ..... 1

Opisina sa mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska ..... 1

Lupon ng Kabayaran sa Mararahas na Krimen ng Alaska ..... 1

Mga Karapatan ng mga Biktima Pagkatapos Gawin ang Krimen ..... 2

Mga Krimen ng Pag-atakeng Sekswal at Karahasan sa Tahanan ..... 2

Tungkol sa mga Utos na Pagprotekta ..... 2

Mga Karapatan sa Pagkapribado ng mga Biktima ng Krimen ..... 3

Mga Biktima ng Krimen at Pagrepaso ng Piyansa ..... 3

Mga Karapatan ng mga Biktima sa Paglilitis at Ibang mga Pamamaraang Pangkrimen ..... 4

Mga Karapatan ng mga Biktima Ukol sa Pagkakulong ng Akusado Dahil sa Sakit sa Isip ..... 5

Mga Karapatan ng mga Biktima sa Pagsentensiya ..... 5

Mga Karapatan ng mga Biktima na May Kaugnayan sa Restitusyon ..... 6

Mga Karapatan ng mga Biktima Pagkatapos ng Pagsentensiya ..... 6

Mga Karapatan ng mga Biktima na Nauukol sa mga Pagbabago Pagkatapos ng Pagsentensiya ..... 7

Mga Karapatan ng mga Biktima at Patawad ng Tagapagpatupad ..... 7

Daan sa mga Rekord ng Pagpapatupad ng Batas ..... 7

Mga Karapatan ng mga Biktima sa mga Kaso ng Hustisyang Pangkabataan ..... 7

Direktoryo ng mga Pambuong-Estadong Serbisyo ..... 9

Direktoryo ng mga Sentro ng Krisis at Pagpapayo Batay sa Lokasyon ..... 12

## Pangkalahatang-Tanaw

Ang dokumentong ito ay nilalayong magbigay ng maikling pangkalahatang-tanaw sa mga karapatan ng mga biktima ng krimen sa ilalim ng saligang-batas ng Alaska at mga batas ng estado. Ang sumusunod na talakayan ay tumutugon sa mga karapatan ng mga biktima ng krimen at ang kanilang mga pamilya mula sa panahon na isinampa ang mga demanda, hanggang sa paglilitis, pagsentensiya at mga yugto pagkatapos ng pagpapatunay ng pagkakasala ng proseso ng hustisyang pangkrimen.

## Opisina sa mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska

Ang Estado ng Alaska ay nagtatag ng isang espesyal na opisina upang tulungan ang mga biktima ng krimen: Opisina sa mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska (Alaska Office of Victims' Rights). Ang layunin ng opisina ay tumulong sa mga biktima ng krimen na makakuha ng kanilang mga karapatang pambatas sa ilalim ng Artikulo 1, Seksyon 24 ng Saligang-batas ng Alaska at iba't ibang batas ng estado ng Alaska ukol sa kanilang mga kontak sa mga ahensiya ng hustisyang pangkrimen sa estadong ito. Ang isang biktima ng krimen ay may karapatang bigyan ng kaalaman tungkol sa Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska sa kanilang unang kontak sa tagapagpatupad ng batas at tagausig [AS 12.61.010(a)(15)]. Ang Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Alaska ay may mga abugado at nakahandang maglingkod nang walang-bayad sa mga biktima.

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan sa:

**The Alaska Office of Victims' Rights**
1007 West 3rd Avenue, Suite 205
Anchorage, Alaska 99501-1936
(907) 754-3460 Pangunahing Telepono
1-844-754-3460 Walang Bayad sa Alaska
(907) 754-3469 Fax
www.ovr.akleg.gov
email: officeofvictimsrights@akleg.gov

## Mga Karapatan ng mga Biktima sa Ilalim ng Saligang-Batas ng Alaska

Artikulo I, seksyon 24 ng Saligang-batas ng Alaska ay nagtatatag ng isang balangkas kung paano dapat palahukin ang mga biktima ng krimen sa proseso ng hustisyang pangkrimen. Ang mga biktima ng krimen ay dapat na:

- Tratuhin nang may dignidad, paggalang at pagkamakatarungan;
- Protektahan laban sa nakademanda sa pamamagitan ng korte na nagtatakda ng angkop na piyansa o mga kondisyon ng paglaya pagkatapos ng pag-aresto o mga tawag hanggang sa matapos ang paglilitis o pangwakas na pagpapasiya sa kaso, at sa mga kalagayan kung saan ang nakademanda, bagaman napatunayang gumawa ng krimen, ay pinalalaya habang hinihintay ang apela;
- Pahintulutang magsalita sa pag-uusig;
- Bigyan ng napapanahong pagpapasiya sa kaso pagkatapos ng pag-aresto;
- Bigyan ng impormasyon at pahintulutang dumalo sa lahat ng mga pamamaraang pangkrimen o pangkabataan kung saan ang nakademanda ay may karapatang dumalo;

## Lupon ng Kabayaran sa Mararahas na Krimen ng Alaska

Ang Lupon ng Kabayaran sa Mararahas na Krimen ng Alaska (Violent Crimes Compensation Board, VCCB) ay makakatulong na magdala ng tulong na pinansiyal sa mga inosenteng biktima ng mararahas na krimen sa Alaska.

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Violent Crimes Compensation Board**
P.O. Box 110230
Juneau, Alaska 99811-0230
1-800-764-3040 Walang Bayad sa Buong Bansa
(907) 465-3040 Pangunahing Telepono ng Tawag na Babayaran ng Tinawagan
(907)465-2379 Fax
www.doa.alaska.gov/vccb/
email: doa.vccb@alaska.gov

- Bigyan ng restitusyon mula sa nakademanda na ipinasiyang nagkasala.

## Mga Karapatan ng mga Biktima Pagkatapos Gawin ang Krimen

Pagkatapos unang gawin ang isang krimen, ang batas ay nagtatadhana ng maraming karapatang may kaugnayan sa mga basikong pangangailangan ukol sa kaligtasan at kalusugan para sa mga biktima. Sa mga karapatang ito ay kabilang ang karapatan na:

- Tumanggap ng madaliang tulong na medikal [AS 12.61.010(a)(7); AS 18.65.515(a)(3)];
- Transportasyon sa isang ligtas na bahay o tirahan [AS 18.65.515(a)(1)];
- Mag-aplay para sa 72-oras na utos na pagprotekta sa karahasan sa tahanan [AS 18.66.110; AS 18.66.100(c)(1) – (5), (8) – (12), (16)];
- Bigyan ng paunawa at humarap sa pagbasa ng sakdal sa nakademanda o unang pagharap sa isang mahistrado o hukom kapag ang mga kondisyon ng piyansa ay itinatakda [AS 12.30.010; AS 12.61.010(a)].

## Mga Krimen ng Pag-atakeng Sekswal at Karahasan sa Tahanan

Sa loob ng Kagawaran ng Kaligtasan ng Publiko (Department of Public Safety) itinatag ang isang Konseho ng Karahasan sa Tahanan at Sekswal na Pag-atake (Council of Domestic Violence and Sexual Assault). Ang konseho ay nagkakaloob ng pagpaplano at pag-uugnay ng mga serbisyo, mga programang pamamagitan at pagpigil sa krisis sa mga biktima ng karahasan sa tahanan o sekswal na pag-atake at sa kanilang mga pamilya [AS 18.66.010].

Ang mga kompidensiyal na komunikasyon sa pagitan ng biktima ng karahasan sa tahanan o sekswal na pag-atake at ng tagapayo ay nasa ilalim ng pribilehiyo, na may ilang mga eksepsiyon [AS 18.66.200 - .250; AS 12.45.049].

### *Mga Krimen na Sekswal na Pag-atake*

Ang mga biktima ng mga sekswal na pag-atake ay dapat sumailalim sa mga pagsusuri sa sekswal na pag-atake sa lalong madaling panahon pagkatapos mangyari ang krimen. Ang mga pagsusuring ito ay ipinagkakaloob nang walang bayad sa mga biktima [AS 18.68.040].

Pagkatapos hilingin, sa mga kaso ng sekswal na pag-atake kung saan ang penetrasyon ay bahagi ng krimen, ang mga biktima ay maaaring humingi sa korte na utusan ang nakademanda na sumailalim sa pagsusuri ng dugo upang malaman kung ang akusado ay positibo para sa HIV o may ibang mga sakit na naihahawa sa paraang sekswal (sexually transmitted diseases, STDs). Ang karapatang ito ay magagamit pitong araw pagkatapos arestuhin ang isang tao at idemanda sa krimeng ito sa pamamagitan ng reklamo, indictment, presentment o iharap ang impormasyon sa hukom o sa isang korte [AS 18.15.300(f)(1); AS 18.15.300 - .310]. Kung ang pagsusuri ng dugo ng nakademanda ay nagpapabatid ng pagkahantad sa o impeksyon ng HIV o ibang STD, ang biktima ay karapat-dapat sa libreng pagpapayo, pagsusuri at pagrekomenda sa mga angkop na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sumusuporta sa kanyang paghiling [AS 18.15.310(h)].

### *Mga Krimen na Karahasan sa Tahanan*

Sa mga kaso ng mga krimen na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, ang isang opisyal ng kapayapaan ay dapat magprotekta sa biktima at sa pamilya ng biktima. Pagkatapos hilingin, upang pigilan ang higit pang karahasan, dapat dalhin ng opisyal ng kapayapaan ang mga biktimang may sapat na gulang at mga miyembro ng pamilya sa isang tirahan o ligtas na bahay [AS 18.65.515(a)(1)].

Ang mga opisyal ng kapayapaan ay maaaring mag-alis ng mahahalagang bagay tulad ng damit, gamot at mga dokumentong pambatas na pag-aari ng biktima. Ang mga opisyal ng kapayapaan ay makakatulong sa biktima at sinuman sa mga miyembro ng pamilya ng biktima sa pagkuha ng paggamot na medikal, sa pamamagitan ng pagkontak sa mga pang-emerhensiyang serbisyong medikal o sa paghahatid sa biktima sa isang lokal na pasilidad na medikal. Ang mga opisyal ng kapayapaan ay dapat ding magbigay ng paunawa sa mga biktima ng karahasan sa tahanan ng mga serbisyong makukuha nila.

## Tungkol sa mga Utos na Pagprotekta

Ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ay may karapatan na magpetisyon sa korte para sa isang utos na pagprotekta. Maaaring kabilang sa mga utos na pagprotekta ang mga tadhana na:

- Nagbabawal sa nang-abuso sa iyo na magbanta na paggawa o gumawa ng iba pang mga karahasan sa tahanan;

- Nagbabawal sa nang-abuso sa iyo na sundan nang pasubok, ligaligin, o kontakin ka;
- Tanggalin ang nag-abuso sa iyo mula sa iyong tirahan;
- Utusan ang nang-abuso sa iyo na manatiling malayo sa iyong tirahan, paaralan, lugar ng trabaho;
- Pagbawalan ang nang-abuso sa iyo na pumasok sa iyong sasakyan o isang sasakyan na inookupahan mo;
- Utusan ang nang-abuso sa iyo na isuko ang anumang baril na pag-aari o taglay;
- Humiling sa isang opisyal ng kapayapaan na samahan ka sa iyong tirahan upang matiyak ang ligtas na pagkuha ng tirahan, sasakyan o upang tanggalin ang mga personal na bagay mula sa iyong tirahan;
- Ipagkaloob ang pansamantalang pag-iingat ng isang menor na anak sa nagpetisyon;
- Gawaran ka ng pag-aari at paggamit ng isang sasakyan at ibang mahahalagang personal na gamit;
- Pagbawalan ang nang-abuso sa iyo na gumamit ng mga kinokontrol na substansiya;
- Atasan ang nang-abuso sa iyo na magbayad ng suporta para sa iyo o sa isang menor na anak na nasa pag-iingat mo kung may isang independiyenteng obligasyon ayon sa batas ang nang-abuso sa iyo na suportahan ka o ang anak;
- Atasan ang nang-abuso sa iyo na bayaran ka sa iyong mga gastos na sanhi ng karahasan sa tahanan, kabilang ang mga singil na medikal, at;
- Utusan ang nang-abuso sa iyo na lumahok sa isang programang pamamagitan para sa mga nambubugbog [AS 18.65.515(a)(1); AS 18.65.520].

Ang isang biktima ng karahasan sa tahanan ay maaaring humingi ng utos na pagprotekta laban sa isang miyembro ng sambahayan. Ang isang magulang, tagapangalaga o ibang kinatawan ay maaaring humingi ng utos na pagprotekta sa ngalan ng isang menor. Ang isang sertipikadong kopya ng isang hindi pa natatapos na utos na pagprotekta na inisyu sa ibang hurisdiksiyon at iniharap sa klerk ng korte sa anumang distritong panghukuman sa estadong ito, ay may kaparehong epekto at dapat ipatupad sa paraang katulad ng utos na pagprotekta ng isang korte ng estadong ito [AS 18.66.100; AS 18.66.140].

## Mga Karapatan sa Pagkapribado ng mga Biktima ng Krimen

Ang mga biktima ng krimen, tulad ng lahat ng mga mamamayan ng Alaska, ay karapat-dapat ayon sa batas na protektahan ang kanilang pagkapribado sa ilalim ng Saligang-batas ng Alaska [Art. I, sek. 22]. Kung ang isang nakademanda ay kinasuhan ng pagkidnap o krimeng sekswal (na kabilang ang: sekswal na pag-atake, sekswal na pag-atake ng isang menor, malaswang paghantad o pagkidnap), ang pangalan ng biktima ay hindi isang pampublikong rekord at hindi maaaring gamitin sa mga dokumento ng korte. Sa halip, ang biktima ay kikilalanin sa pamamagitan ng kanyang mga inisyal. Ang tirahan at mga direksiyon ng trabaho at mga numero ng telepono ng isang biktima ay kompidensiyal [AS 12.61.140; AS 12.61.110; AS 12.61.120(a); AS 12.61.130(a)].

Ang mga abugado ng pagtatanggol ay dapat ipakilala ang mga sarili at ang kanilang kaugnayan sa nakademanda kapag nakikipag-usap sa isang biktima o testigo [AS 12.61.120(c)(1).

Sa karahasan sa tahanan at sekswal na pag-atake ang mga biktima ay may karapatang magpasiya kung makikipag-usap o hindi sa abugado ng pagtatanggol. Kung nagpahintulot ang biktima ng panayam sa abugado ng pagtatanggol, ang biktima ay maaaring magpasama sa umuusig na abugado o ibang tao.

Ang mga biktima ng mga sekswal na pag-atake ay may karapatan din na magharap ng nakasulat na paunawa na hindi nila gustong kontakin ng abugado ng pagtatanggol o ibang taong kumikilos sa ngalan ng nakademanda [AS 12.61.125(a)(1)].

Kung ang biktima ay nagpahintulot sa abugado ng pagtatanggol ng isang panayam, ito ay maaaring irekord sa paraang elektronikal nang hindi nila nalalaman o walang pahintulot nila. Ang mga biktima ay maaaring magtanong kung inirerekord nila ang pag-uusap at maaaring gumawa ng sarili nilang desisyon tungkol sa pamamaraan.

Kung ang biktima ay nagsumite ng aplikasyon sa Lupon ng Kabayaran sa Mararahas na Krimen, ang aplikasyon ay kompidensiyal [AS 18.67.030(c)].

## Mga Biktima ng Krimen at Pagrepaso ng Piyansa

Pagkatapos arestuhin at idemanda ng isang krimen, hanggang at sa panahon ng paglilitis, ang nakademanda

ay maaaring humiling sa korte na palayain sa pamamagitan ng piyansa. Ang biktima ay maaaring humarap sa mga pagdinig na ito ukol sa piyansa. Ang biktima ay hindi inaatasan na dumalo maliban kung ang testimonya ng biktima ay kailangan. Ang biktima ay maaaring lumahok sa pamamagitan ng telopono dahil sa distansiya, kapansanan o para sa mga dahilang pangkaligtasan. Kung gusto ng biktima na dumalo sa pamamagitan ng telepono, dapat kontakin ng biktima ang Opisina ng Abugado ng Distrito bago ang pagdinig upang gumawa ng kahilingan.

Sa pagdinig ukol sa piyansa, batay sa mga pangyayari sa kaso, ang isang hukom ay may malawak na pagpapasiya na tanggapin o tanggihan ang isang paghiling ng paglaya sa pamamagitan ng piyansa. Kung ang biktima ay may mga partikular na inaalala o kahilingan para sa mga kondisyon ng piyansa, dapat kontakin ng biktima ang Opisina ng mga Abugado ng Distrito bago ang pagdinig tungkol sa piyansa. Para sa mga bagay na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan at sekswal na pag-atake, dapat isaalang-alang ng korte ang kaligtasan ng biktima sa pagpapasiya kung palalayain o hindi ang nakademanda. Ang kaligtasan ng biktima ay dapat isaalang-alang bago palayain ang isang nakademanda sa mga kaso ng pagsunod na pasubok at sekswal na pag-atake. Kung ang nakademanda sa karahasan sa tahanan ay pinalaya, ang mga biktima ay karapat-dapat tumanggap ng kopya ng mga kondisyon ng pagpapalaya sa akusado [Saligang-batas ng Alaska, Artikulo 1, seksyon 24; AS 12.61.010(a) (2); AS 12.30.027; AS 12.30.027(a); AS 12.30.025; AS 12.30.029(a); AS 12.30.027(d) (1) at (2)].

Ang mga biktima ay dapat tumanggap ng paunawa ng anumang pagkansela sa isang pagdinig o pamamaraan ng korte kung saan ang biktima ay pinadalhan ng subpoena upang tumestigo. Ang mga biktimang nakikipag-ugnayan sa mga pagsisikap ng tagapagpatupad ng batas at tagausig ay dapat tumanggap ng impormasyon tungkol sa makukuhang proteksiyon at dapat tumanggap ng proteksiyon laban sa pinsala o mga bantang may kaugnayan sa pakikipagtulungang iyon. Ang mga uri ng proteksiyon ay maaaring kabilang ang mga utos na pagprotekta, tulong sa pagkuha ng mga personal na gamit, transportasyon sa isang ligtas na tahanan o tirahan at paggamot na medikal.

Ang mga biktima ng krimen ay maaari ring makipag-ugnayan sa Kagawaran ng mga Pagwawasto ng Alaska (Alaska Department of Corrections) upang magpatala sa VINE (Victim Information and Notification Everyday). Ang VINE, ay isang libre, hindi nagbibigay ng pagkakakilanlan, pinatatakbo ng computer na sistema ng pagbibigay ng paunawa na pinananatili ng Kagawaran ng mga Pagwawasto ng Alaska, upang bigyan ng paunawa ang mga biktima at iba pa kung ang nakademanda ay ililipat, ilalabas o tumakas mula sa pag-iingat. Ang numerong matatawagan para sa sistemang VINE ay 1-800-247-9763. Ang web site ay www.vinelink.com [AS 12.30.010(a)(3); AS 12.61.010(a)(4); AS 12.61.050].

## Mga Karapatan ng mga Biktima sa Paglilitis at Ibang mga Pamamaraang Pangkrimen

Ang mga biktima ng krimen ay may karapatang dumalo sa anumang pamamaraan sa pag-uusig at pagsentensiya ng isang nakademanda kung ang nakademanda ay may karapatang dumalo. Pagkatapos hilingin, kung ang krimen ay isang felony o krimen na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, ang nag-uusig na abugado ay dapat gumawa ng makatwirang pagsisikap upang makipag-usap sa mga biktima tungkol sa kanilang testimonya bago ang paglilitis ng isang nakademanda. Bilang karagdagan sa pagtanggap ng paunawa at sa karapatang dumalo sa paglilitis, ang isang biktima ay maaaring ipakilala ng nag-uusig na abugado sa lupon ng mga tagahatol bilang bahagi ng panimulang pahayag ng estado sa paglilitis.

Ang isang biktima ng krimen ay maaari ring tawagin bilang testigo sa paglilitis. Ang matawag bilang testigo at isailalim sa pagtatanong ay maaaring mahirap, pero manatiling kalmado at sikaping sagutin ang mga tanong sa pinakamatapat at pinakasimpleng paraan na posible. Ang mga grupong sumusuporta sa mga biktima o mga tagapagtaguyod ay nakahanda at nakakatulong. Dapat malaman ng mga biktima na hindi sila maaaring atasan na sumailalim sa pagsusuri ng isip maliban kung ang kalagayan ng kanilang isip ay isang elemento ng krimeng ikinaso, o sila ay dumaranas ng patuloy na kalagayan ng isip na nagresulta sa krimeng ikinaso. Kung walang partikular na pasiya ng korte, ang ebidensiya ng nakaraang sekswal na kilos ng biktima ay hindi tinatanggap.

Tandaan, nang may ilang mga eksepsiyon, ang mga kompidensiyal na komunikasyon sa pagitan ng biktima ng karahasan sa tahanan o sekswal na pag-atake at ng tagapayo ay nasa ilalim ng pribilehiyo [AS 18.66.200 - .250; AS 12.45.049].

Ang mga tagapag-empleyo ay hindi maaaring magparusa o magbanta ng parusa sa isang biktima dahil ang isang biktima ay tinawag o hinilingan ng isang nag-uusig na abugado na dumalo sa isang pamamaraan ng korte para sa layunin na magbigay ng

testimonya [AS 12.61.010; AS 12.61.015; AS 12.61.017; AS 12.45.042; AS 12.45.045(a); AS 47.12.110(b)].

Upang matingnan ang kalagayan ng isang bagay na pangkrimen o susunod na petsa ng korte, ang biktima ay maaaring tumawag sa isang paralegal ng biktima/testigo sa Opisina ng Abugado ng Distrito. Maaari ring tingnan ng mga tao ang katayuan ng isang bagay na pangkrimen o susunod na petsa ng korte sa pamamagitan ng paggamit ng CourtView web site ng Sistema ng Korte ng Alaska sa records.courts.alaska.gov.

## Mga Karapatan ng mga Biktima Ukol sa Pagkakulong ng Akusado Dahil sa Sakit sa Isip

Ang Titulo 12, kabanata 47 ng mga batas ng Alaska ay tumutugon sa pagkabaliw at kakayahang humarap sa paglilitis. Kung ang isang nakademanda ay isinailalim sa pag-iingat ng komisyonado ng kalusugan at mga serbisyong panlipunan, ang biktima ay karapat-dapat sa paunawa ng anumang hinihintay o aktuwal na pagbabago sa katayuan ng nakademanda. Para sa anumang iminumungkahing pagbabago sa katayuan ang biktima ay may karapatang magsumite ng isang nakasulat na pahayag o upang humarap sa korte. Ang mga biktima ay may karapatang bigyan ng paunawa kung ang akusado ay ipinasiyang nagkasala dahil sa pagkabaliw. Pagkatapos ng paghiling at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa matatawagan sa Lupon ng Parol, ang isang biktima ng krimen ay bibigyan ng paunawa ng mga pagdinig na may kaugnayan sa espesyal na parol na medikal [AS 12.47.090(a)(1)-(5), (b) at (e); AS 12.61.010(a)(11) at (12)].

## Mga Karapatan ng mga Biktima sa Pagsentensiya

- Ang korte ay hindi maaaring magbawas ng parusa ng nakademanda batay sa kabiguan ng isang biktima ng krimen na humarap o tumestigo [AS 12.55.151];
- Para sa mga nagkasala ng felony, ang isang ulat ng opisyal ng probasyon bago ang sentensiya ay dapat kabilang ang isang pahayag ng epekto sa biktima na nag-uulat ng anumang mga epekto sa pananalapi, damdamin at medikal ng pagkakasala sa biktima; ang pangangailangan ng biktima para sa restitusyon at ibang impormasyon na iniaatas ng korte [AS 12.55.022; AS 12.61.010(a)(9)];
- Para sa kasong misdemeanor, walang ulat bago ang sentensiya na isinusulat pero ang isang biktima ay maaaring magsalita sa korte sa oras ng pagsentensiya [AS 12.61.010(a)(9)]. Dapat sabihin ng mga biktima sa tagausig na gusto nilang magsalita;
- Lahat ng mga biktima ay maaaring magsumite sa korte ng isang nakasulat na pahayag na pinaniniwalaan ng biktima na may-kaugnayan sa desisyon na pagsentensiya at maaaring magbigay ng pasalitang presentasyon sa korte sa pagdinig na pagsentensiya. Kung ang biktima ay tumangging gumawa ng pahayag, ang tagapagtaguyod ng biktima mula sa Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima ay maaaring magsumite ng nakasulat na pahayag o pasalitang presentasyon sa pagdinig sa ngalan ng biktima [AS 12.55.023(b); AS 24.65.110(b)];
- Sa isang napatunayang felony, ang korte ay dapat na partikular na gumawa ng pasiya tungkol sa mga epekto sa pananalapi, damdamin at medikal ng pagkakasala sa biktima gayon din ang pangangailangan ng biktima para sa restitusyon [AS 12.55.025(a)(5)(A)-(B)];
- Lahat ng mga biktima ay may karapatan ayon sa saligang-batas na makipag-usap sa tagausig [Art. I, section 24];
- *Pagkatapos hilingin ng biktima sa isang kasong felony o karahasan sa tahanan, ang tagausig ay dapat makipag-usap sa biktima tungkol sa testimonya ng biktima bago ang paglilitis* [AS 12.61.015(a)(1)];
- *Pagkatapos hilingin sa mga kaso ng karahasan sa tahanan, ang tagausig ay dapat makipag-usap sa biktima tungkol sa iminumungkahing mga kasunduang sagot sa paratang bago ang kanilang pagtanggap* [AS 12.61.015(a)(4)];
- *Pagkatapos hilingin, ang tagausig ay dapat magbigay sa biktima ng direksiyon at numero ng telepono ng opisina na naghahanda ng ulat bago ang pagsentensiya* [AS 12.61.015(a)(2)(C)];
- *Pagkatapos hilingin, bago ang pagsentensiya, ang tagausig ay dapat magbigay sa biktima ng mga bahagi ng ulat bago ang pagsentensiya na nagbibigay ng buod ng pagkakasalang inihanda ng Kagawaran ng mga Pagwawasto; ang bersiyon ng nakademanda ng pagkakasala; lahat ng mga pahayag at buod ng mga pahayag ng biktima at rekomendasyon na sentensiya ng DOC* [AS 12.55.023(a)(1)-(4)].

## Mga Karapatan ng mga Biktima na May Kaugnayan sa Restitusyon

Biglang isang bagay ng pampublikong patakaran, ang batas ay pabor sa pag-atas sa mga kriminal na bayaran ang mga biktima para sa mga pinsala sa katawan at iba pang mga pinsala na natanggap nila. Ang mga biktima ay may karapatan ayon sa saligang-batas sa restitusyon mula sa nakademanda.

Sa isang krimen, ang mga biktima ay dapat makipag-ugnayan sa paralegal ng biktima/testigo sa Opisina ng Abugado ng Distrito tungkol sa kanilang hinihinging restitusyon. Ang restitusyon sa krimen ay maaari lamang gawin para sa aktuwal na nagastos o nawalang pera, hindi para sa pananakit at pagdurusa (bagaman iyo ay maaaring makuha sa isang sibil na demanda) [AS 12.55.045(a)]. Ang isang restitusyon na pangkrimen mula sa hukom ay nagiging isang sibil na hatol na nakakatipon ng interes at nananatiling maipatutupad kahit na pagkatapos ng probasyon ng nakademanda [AS 12.55.045(l)]. www.courts.alaska.gov/trialcourts/restitution.htm

Ang mga batas sa mga karapatan ng mga biktima sa Alaska ay partikular na nagkakaloob sa mga biktima ng mga krimen ng karapatang bigyan ng paunawa ng pamamaraan na dapat sundin upang mag-aplay para sa at tumanggap ng anumang kabayaran sa ilalim ng AS 18.67 mula sa Lupon sa Kabayaran sa Mararahas na Krimen (VCCB). Ang VCCB ay isang "tagabayad na huling gagamitin," kaya ang mga kawalan lamang na hindi nabayaran sa pamamagitan ng ibang mga mapagkukunan (seguro o demandang sibil, atbp.) ang karapat-dapat [AS 18.67.090]. Para sa mga paghahabol na may kaugnayan sa VCCB, ang mga biktima ay kailangang mag-aplay nang napapanahon, kumpletuhin ang isang aplikasyon at magbigay ng dokumentasyon.

Ang isang utos na restitusyon ay hindi naglilimita sa anumang pananagutang sibil ng nakademanda para sa kanyang pagkilos. Ang mga biktima ay dapat magbigay ng dokumentasyon na sumusuporta sa paghahabol na restitusyon sa isang napapanahong paraan. Kung ang isang biktima ay hindi "nagawang buo" ng restitusyon sa kasong kriminal, ang biktima ay maaaring pumili na pagsikapan ang isang sibil na demanda. Ang isang pagrekomenda para sa isang abugado ay maaaring makuha mula sa Alaska State Bar Association [AS 12.55.045(a)(1); AS 12.61.010(a)(5); AS 18.67.175; AS 12.55.045(b)].

## Mga Karapatan ng mga Biktima Pagkatapos ng Pagsentensiya

Ang mga karapatan ng mga biktima ay nagpapatuloy pagkatapos sentensiyahan ang isang kriminal na napatunayang nagkasala. *Pagkatapos hilingin, ang mga biktima ng mga felony o mga krimen na karahasan sa tahanan ay karapat-dapat na bigyan ng paunawa ng umuusig na abugado ng pangwakas na pagpapasiya (pagsentensiya) ng isang kaso [AS 12.61.015(a)(3)].* Lahat ng mga biktima ay karapat-dapat sa paunawa kung ang isang apela ay iniharap [AS 12.61.010(a)(2)].

Ang nakademanda o tagausig ay maaaring humingi sa hukom ng paglilitis na ilipat ang pagsentensiya sa isang tatlong-hukom na lupon [AS 12.55.175]. Ang mga biktima ay may karapatang dumalo sa mga pamamaraan ng tatlong-hukom na lupon.

*Pagkatapos hilingin, ang isang biktima ay bibigyan ng paunawa kung ang nakademanda ay tumakas mula sa pagkakakulong o pinalaya sa furlough, maagang pagpapalaya o sa anumang ibang pagpapalaya.* Ang mga biktima ng mga krimen ng karahasan sa tahanan ay karapat-dapat sa awtomatikong paunawa ng pagtakas. *Pagkatapos hilingin pagkaraang mapatunayang nagkasala ang nakademanda, ang isang biktima ay karapat-dapat sa impormasyon mula sa tagausig tungkol sa kumpletong kasaysayan ng napatunayang pagkakasala ng nakademanda.* Para sa paunawa, dapat panatilihin ng mga biktima ang kasalukuyang direksiyon sa Kagawaran ng mga Pagwawasto [AS 33.30.013(a)-(c ); AS 12.61.015(a)(3), AS 12.61.010(a)(2), AS 33.30.013; AS 12.61.010(a)(10)].

Ang mga nakademandang napatunayang nagkasala ng mga krimeng misdemeanor ay hindi pinangangasiwaan habang nasa probasyon pero ang mga nakademandang napatunayang nagkasala ng mga krimeng felony ay pinangangasiwaan ng Kagawaran ng mga Pagwawasto. Ang isang nakademandang lumabag sa probasyon ay maaaaring pabalikin sa harap ng korte sa isang Petisyon upang Pawalang-bisa ang Probasyon. Sa ilalim ng Batas sa mga Karapatan ng Biktima, ang biktima ay may karapatan sa paunawa at pagkakataong magsalita sa anumang pamamaraan sa pagpapawalang-bisa ng probasyon na may kaugnayan sa mga kondisyon ng pagpapalaya o pagsentensiya (tinatawag na "disposisyon" sa mga pamamaraan sa probasyon).

## Mga Karapatan ng mga Biktima na Nauukol sa mga Pagbabago Pagkatapos ng Pagsentensiya

Ang mga biktima ay karapat-dapat magsalita sa korte sa paghiling ng nakademanda na baguhin o bawasan ang kanilang sentensiya.

*Pagkatapos ng paghiling at pagbibigay ng impormasyon sa direksiyon sa Kagawaran ng mga Pagwawasto, ang Kagawaran ay dapat magkaloob ng paunawa ng paghiling ng bilanggo at padalhan ang biktima ng kopya ng anumang mga mosyon na baguhin o bawasan ang sentensiya at ipagbigay-alam sa tao ang kanyang:*

- *Mga karapatan sa ilalim ng seksyong ito;*
- *Ang huling-araw para sa pagtanggap ng mga nakasulat na komento; at*
- *Ang petsa ng pagdinig at direksiyon ng korte.*

Dapat bigyan ng mga biktima ang Kagawaran ng mga Pagwawasto ng impormasyon sa direksiyon.

*Pagkatapos hilingin, ang Kagawaran ng mga Pagwawasto ay dapat magbigay ng paunawa sa biktima ng mga pagdinig upang isaalang-alang o repasuhin ang diskresiyonaryong parol.* Ang mga biktima ay dapat magbigay ng kanilang tirahan o direksiyon sa Lupon ng Parol. Ang mga biktima ay maaaring sumulat sa Lupon ng Parol o dumalo sa pagdinig.

Bago maggawad ng probasyon sa mga taong napatunayang nagkasala ng karahasan sa tahanan, dapat isaalang-alang ng korte ang kaligtasan at proteksiyon ng biktima at sinumang miyembro ng pamilya ng biktima. Ang korte ay maaaring magpataw ng anumang ibang mga kondisyon ng probasyon na kailangan upang protektahan ang biktima at sinumang mga miyembro ng pamilya ng biktima o upang isailalim sa pagbabago ang nakademanda. Kung ang biktima ay may mga partikular na inaalala o kahilingan para sa mga kondisyon ng probasyon, ang biktima ay dapat makipag-ugnayan sa Opisina ng mga Abugado ng Distrito bago ang pagsentensiya [AS 12.55.088(d)(e) at (h); AS 12.61.010(a); AS 33.16.120; AS 12.55.101(a)].

## Mga Karapatan ng mga Biktima at Patawad ng Tagapagpatupad

Noong 2007 ang isang batas ay ipinasa na nag-aatas sa gobernador na dalhin ang mga aplikasyon para sa patawad ng tagapagpatupad (kabilang ang mga pagpapatawad) sa lupon ng parol ng estado hindi kukulangin sa 120 araw bago ang anumang gawad na patawad. Ang lupon ng parol ay inaatasan na bigyan ng paunawa ang Kagawaran ng Batas, ang Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima at ang biktima ng isang krimen na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, unang digri ng pagsunog, o isang krimen laban sa isang tao. Sa mga krimen laban sa isang tao ay kabilang ang mga pagpatay, pag-atake, sekswal na pagkakasala at lahat ng ibang mga krimeng nakasaad sa titulo 11, kabanata 41 ng mga batas ng Alaska. Ang batas na ito (Panukalang-Batas 69 ng Kapulungan) ay inisponsor ng Kinatawan ng Anchorage na si Ralph Samuels at pinirmahan upang maging batas ni dating Gobernador Sarah Palin noong Pebrero 22, 2007 [AS 33.20.080(a)].

## Daan sa mga Rekord ng Pagpapatupad ng Batas

Ang batas sa pampublikong rekord ng Alaska ay nagsasaad na "maliban kung partikular na itinatadhana sa ibang paraan, ang mga pampublikong rekord ng lahat ng mga pampublikong ahensiya ay bukas sa pagsisiyasat ng publiko…" Maraming eksepsiyon sa pangkalahatang tuntutin at ang isa sa mga eksepsiyong ito ay umaaplay sa "mga rekord o impormasyong tinipon para sa pagpapatupad ng batas…" Ang eksepsiyong ito ay nagpoprotekta laban sa pagsisiwalat ng paglabas ng impormasyon na maaaring makatwirang makagambala sa mga pamamaraan sa pagpapatupad, magkait sa isang tao ng makatarungang paglilitis o walang-pinapanigang pagdinig, na ilan lamang halimbawa. Ang kaparehong tadhanang ito ay nagpoprotekta laban sa pagsisiwalat ng impormasyon na "maaaring makatwirang bumuo ng isang hindi makatwirang panghihimasok sa personal na pagkapribado ng isang…biktima, o testigo," [AS 40.25.110(a); 12o(a)(6) and (a)(6)(C)].

## Mga Karapatan ng mga Biktima sa mga Kaso ng Hustisyang Pangkabataan

Ang isa sa mga hangarin ng Sistema ng Hustisyang Pangkabataan ay tiyakin na ang mga biktima ng mga krimen na ginawa ng mga kabataan ay binibigyan ng mga kaparehong karapatan bilang mga biktima ng mga krimeng ginawa ng mga may sapat na gulang [AS 47.12.010(b)(12)]. Kaya ang mga biktima sa pangkalahatan ay may mga kaparehong karapatan ayon sa batas at dapat sumangguni sa mga karapatang

isinabuod sa itaas.  Pero ang pamamaraan at mga tadhana ay iba sa isang kaso ng hustisyang panghukuman; ang mga espesyal na tadhana para sa mga karapatan ayon sa batas ng mga biktima sa mga pamamaraang pangkabataan ay inilalarawan sa ibaba.  Kapag ang nakademanda ay wala pang 18 taong gulang, ang kaso ay tinatawag na pamamaraan sa pagkadelinkuwente ng kabataan [AS 47.12].  Ang nakademanda ay tinatawag na "menor" [AS 47.12.020].  Ang kaso ay kompidensiyal, pero ang biktima ay maaaring dumalo at lumahok sa lahat ng mga pamamaraan na ang menor ay may karapatang dumalo [Saligang-batas ng Alaska Art. I, sek. 24; AS 12.61.010(a)(1)(B), AS 47.12.110(b)].

Ang korte ay maaaring mag-utos sa menor at sa magulang ng menor na gumawa ng angkop na restitusyon sa biktima [AS 47.12.120(b)(4)].  Ang korte ay hindi maaaring tumangging gumawa ng utos na restitusyon sa biktima [AS 47.12.120(b)(4)(A)].  Ang isang utos na restitusyon ng menor o mga magulang ng menor sa biktima ay nagiging maipatutupad bilang isang sibil na hatol kahit na pagkaraan ng panahon ng probasyon o pagkulong ay natapos (katulad ng hatol sa korte ng may sapat na gulang) [AS 47.12.170].

Ang mga biktima ng mga krimen na ginawa ng mga menor ay karapat-dapat para sa Kabayaran sa Mararahas na Krimen sa digring katulad ng mga biktima ng mga nakademandang may sapat na gulang dahil ang gawad ay batay sa krimen at mga kawalan hindi sa edad o katayuan ng nakademanda [AS 18.67.101].

## Direktoryo ng mga Pambuong-Estadong Serbisyo

### *Pagrekomenda sa Abugado ng Alaska Bar Association (Alaska Bar Association Lawyer Referral)*

(907) 272-0352
1-800-770-9999
www.alaskabar.org

### *Konseho ng Alaska sa Karahasan sa Tahanan (Alaska Council on Domestic Violence)*

*Alaska Department of Public Safety; pag-uugnay ng mga serbisyo sa buong estado, edukasyon, mga gawad sa mga organisasyon*

(907) 465-4356
www.dps.state.ak.us/cdvsa

### *Sistema ng Korte ng Alaska (Mesang Pangkrimen) (Alaska Court System, Criminal Desk)*

Anchorage: (907) 264-0471
Utqiagvik: (907) 852-4800
Bethel: (907) 543-2298
Dillingham: (907)842-5215
Fairbanks: (907) 452-9289
Homer: (907)235-8171
Juneau: (907) 463-4700
Kenai: (907) 283-3110
Ketchikan: (907) 225-3195
Kotzebue: (907) 442-3208
Nome: (907) 443-5216
Palmer: (907) 746-8181
www.courts.alaska.gov

**CourtView**
*Elektronikong sistema ng impormasyon upang humanap ng petsa ng korte batay sa pangalan ng nakademanda o numero ng kaso*
www.courtrecords.alaska.gov

**Sentro ng Sariling Tulong sa Batas na Pampamilya (Family Law Self-Help Center)**
(907) 264-0851
Walang bayad sa Alaska 1-866-279-0851
www.courts.alaska.gov/shc/family/selfhelp.htm

### *Kagawaran ng mga Pagwawasto ng Alaska (Alaska Department of Corrections)*

*Impormasyon sa mga pahayag ng epekto sa biktima, impormasyon at pagrekomenda, paunawa ng pagpapalaya, paglipat, o pagtakas ng mga nagkasala*

**Yunit ng Serbisyo sa Biktima (Victim Service Unit)**
(907) 269-7384; 1-877-741-0741
**Lupon ng Parol (Parole Board)** (907) 269-4642
**Impormasyon Tungkol sa Probasyon**: (907) 269-7367
doc.alaska.gov

*Magparehistro para sa paunawa ng pagpapalaya; tingnan ang lokasyon ng pag-iingat sa nakademanda at katayuan ng pagkakakulong*
VINE 1-800-247-9763
www.vinelink.com

### *Konsehong Panghukuman ng Alaska (Alaska Judicial Council)*

*Sistema ng hustisyang pangkrimen: mga librito sa sistema ng hustisyang pangkrimen, patnubay ng biktima*

(907) 279-2526
1-888-790-2526
ajc.alaska.gov

### *Korporasyon ng mga Serbisyong Pambatas ng Alaska (Alaska Legal Services Corporation)*

*Pambuong-estadong libreng tulong na pambatas sa maliit ang kita na mga mamamayan ng Alaska, mga nakatatandang mamamayan, at mga aplikante para sa allotment ng Katutubo. Mga kumpletong serbisyo sa mga lugar ng batas ng pamilya, pabahay, mamimili, mga pampublikong benepisyo, mga isyung pangkalusugan, pagpapanatili ng kita, proteksiyon laban sa pang-aabuso, Katutubong batas, at mga testamento ng pamana. Ang ALSC ay nag-aalay ng mga libreng klinikang pambatas sa buong estado at sariling-tulong na pambatas at impormasyon sa pagrekomenda online sa:* www.alaskalawhelp.org.

Anchorage: (907) 272-9431, 1-888-478-2572
Bethel: (907) 543-2237. 1-800-478-2230
Dillingham: (907) 842-1452, 1-888-391-1475
Fairbanks: (907) 452-5181, 1-800-478-5401
Juneau: (907) 586-6425, 1-800-789-6426
Kenai: (907) 953-7608
Ketchikan: (907) 225-6420
Kotzebue: (907) 442-3500, 1-877-622-9797
Nome: (907) 443-2230, 1-888-495-6663
www.alsc-law.org

### *Sentro ng Hustisya sa Katutubong Taga-Alaska (Alaska Native Justice Center)*

(907) 793-3550
www.anjc.net

### *Network ng Alaska sa Karahasan sa Tahanan at Sekswal na Pag-atake (Alaska Network on Domestic Violence & Sexual Assault, ANDVSA)*

*Karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake: pagtataguyod para sa mga biktima, impormasyon sa publiko, pagsasanay, tulong na teknikal*

Juneau: (907) 586-3650
Sitka: (907) 747-7545

Hotline ng Impormasyon at Pagrekomendang Pambatas (Tuwing Martes 5-7pm lamang):
1-888-988-3725
www.andvsa.org

### *Opisina ng mga Karapatan ng mga Biktima (Alaska Office of Victims' Rights)*

*Tulong na pambatas para sa pagtataguyod sa biktima ng krimen at para sa mga biktima ng krimen na ang mga karapatan ay ipinagkait ng isang ahensiya ng hustisya*

(907) 754-3460; 1-844-754-3460
www.ovr.akleg.gov; officeofvictimsrights@akleg.gov

### *Proyektong Hustisya sa Imigrasyon ng Alaska (Alaska Immigration Justice Project)*

*Ang Alaska Immigration Justice Project ay isang di-nagtutubong ahensiya na nagkakaloob ng murang tulong na pambatas sa imigrasyon sa mga imigrante at refugee sa lahat ng mga aplikasyon kabilang ang pagkamamamayan, permanenteng katayuan ng residente, mga permiso sa trabaho, asylum, mga petisyon na batay sa pamilya at mga petisyon ukol sa imigrasyon para sa mga imigranteng biktima ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake at pagtrapiko ng tao.*

(907) 279-2457 (AIJP)
www.akijp.org

### *Proyekto sa Imigrasyon at Takas ng mga Serbisyong Panlipunan ng Katoliko (Catholic Social Services Immigration & Refugee Project)*

*Mga problema sa imigrasyon na resulta ng karahasan sa tahanan, diborsiyo, at mga pamamaraang pangkrimen*

(907) 222-7300
www.cssalaska.org/our-programs/refugee-assistance-immigration-services

### *Mga Opisina ng Abugado ng Distrito (District Attorney Offices)*

*Mga pag-uusig na pangkrimen, mga tagapag-ugnay ng biktima-testigo, mga Librito sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan, pagsunod na pasubok, mga karapatan ng mga biktima, at pagpaplanong pangkaligtasan. Kung kailangan mo ng isang interpreter ipagbigay-alam po lamang sa opisina ng abugado ng distrito. Bibigyan ka ng isa nang wala kang babayaran.*

Anchorage: (907) 269-6300
Bethel: (907) 543-2055
Dillingham: (907) 842-2482
Fairbanks: (907) 451-5970
Juneau: (907) 465-3620
Kenai: (907) 283-3131
Ketchikan: (907) 225-6128
Kodiak: (907) 486-5744
Kotzebue: (907) 442-3396
Nome: (907) 443-2296
Palmer: (907) 761-5648
Sitka: (907) 747-5851
Utqiagvik (907) 852-8130

Pambuong-estadong Tagapag-ugnay ng Biktima/Testigo: (907) 269-5261
www.law.alaska.gov/department/about.html#dao

### *Pambansang Matatawagan sa Karahasan sa Tahanan (National Domestic Violence Hotline )*

*Karahasan sa tahanan: pamamagitan sa krisis, impormasyon at pagrekomenda, pagsasalin ng wika sa telepono at mga isinaling materyal*

1-800-799-SAFE (7233), 1-800-787-3224 (TTY)
www.ndvh.org

### *Opisina ng mga Serbisyo sa mga Bata (Office of Children's Services)*

(907) 269-4000
**Iulat ang pang-aabuso ng bata**: 1-800-478-4444
**Linya ng Magulang:** 1-800-643-KIDS (5437)
dhss.alaska.gov/ocs

### *Opisina ng mga Serbisyo sa mga Bata (Office of Public Advocacy)*

*Nagkakaloob ng itinalaga ng abugado na mga abugadong manananggol para sa mga nakademanda sa krimen na hindi kayang kumuha ng abugado, at hindi maaaring katawanin ng Ahensiya ng Pampublikong Manananggol.*

Anchorage: (907) 269-3500
Bethel: (907) 543-1234
Fairbanks: (907) 451-5933
Juneau: (907) 465-4173
Palmer: (907) 745-0435
www.doa.alaska.gov/opa

### *Mga Opisina ng mga Pampublikong Manananggol (Public Defender Offices)*

*Nagkakaloob ng itinalaga ng korte na mga abugadong manananggol ng mga nakademanda sa krimen na hindi kayang kumuha ng abugado*

Anchorage: (907) 334-4400; 1-800-478-4404
Bethel: (907) 543-2488; 1-800-478-2389
Dillingham: (907) 842-4582; 1-800-478-4582
Fairbanks: (907) 458-6800; 1-800-478-1621
Juneau: (907) 465-4911; 1-800-478-4910
Kenai: (907) 283-3129; 1-800-478-3129
Ketchikan: (907) 228-8950; 1-800-478-6189
Kodiak: (907) 486-8114; 1-800-478-8113
Kotzebue: (907) 442-3736; 1-800-478-3738
Nome: (907) 443-2271; 1-800-478-2279
Palmer: (907) 761-5698; 1-800-478-5661
Sitka: (907) 747-6808; 1-800-478-6809
Utqiagvik: (907) 852-2520; 1-800-478-2521
www.doa.alaska.gov/pda

### *Mga Biktima para sa Hustisya (Victims for Justice)*

*Marahas na krimen: pagtataguyod, suporta sa pagdadalamhati, pamamagitan sa krisis, tulong para sa sa mga naiwan bunga ng pagpatay at pag-atake ng tao*

(907) 278-0977; 1-888-835-1213
www.victimsforjustice.org

### *VINE (Victim Information and Notification Everyday)*

*Awtomatikong paunawa ng paglabas, paglipat o pagtakas ng mga nagkasala*

1-800-247-9763
www.vinelink.com

### *Lupon ng Kabayaran sa Mararahas na Krimen (Violent Crimes Compensation Board)*

*Pagbabayad ng pera sa mga biktima ng mararahas na krimen*

(907) 465-3040; 1-800-764-3040
www.doa.alaska.gov/vccb

## Direktoryo ng mga Sentro ng Krisis at Pagpapayo Batay sa Lokasyon

### ANCHORAGE

**_Abused Women's Aid in Crisis (AWAIC)_**

*Karahasan sa tahanan: tirahan, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, mga serbisyo sa mga bata, pagpapayo sa nambubugbog*

**Linya sa Gawain:** (907) 279-9581
**Linya sa Krisis:** (907) 272-0100
www.awaic.org

**_Alaska CARES_**

(907)-561-8301; 1-877-561-8301
www.providence.org/lp/ak/alaska-cares

**_Chugachmiut_**

*Consortium na pantribo upang itaguyod ang sariling pagpapasiya, pansamantalang tulong para sa mahahalagang pangangailangan (tirahan, pagkain, damit, pagpapalibing)*

(907) 562-4155; 1-800-478-4155
www.chugachmiut.org

**_Programang mga Serbisyo sa Komunidad at Pagtataguyod sa Pamilya ng Fort Richardson (Fort Richardson Community Services and Family Advocacy Program)_**

(907) 580-5358
**24-na-oras na Hotline sa Sekswal na Pag-atake:** (907) 384-7272
www.jber.jb.mil/Services-Resources/JBER-Connect-Resources

**_Munisipalidad ng Anchorage, Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Municipality of Anchorage, Health and Human Services)_**

**Tagapag-ugnay ng Pagpigil sa Karahasan sa Tao (Interpersonal Violence Prevention Coordinator):** (907) 343-6589
**Pagpigil sa Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence Prevention):** (907) 343-6302

**_New Hope on the Last Frontier_**

*Mga programang batay sa pananalampalataya para sa mga may sapat na gulang at tinedyer na apektado ng karahasan sa tahanan*

(907) 274-2745
www.newhopeak.org

**_Programang Pagtugon sa Sekswal na Pag-atake (Sexual Assault Response Program, EAFB)_**

(907)551-2033

**_STAR (Standing Together Against Rape)_**

*Sekswal na pag-atake/sekswal na pag-atake sa bata: pagtataguyod, linya sa krisis*

**Linya sa Gawain:** (907) 276-7279
**Linya sa Krisis**: (907) 276-7273, 1-800-478-8999; TTY (907) 278-9988
www.staralaska.com

### BETHEL

**_Kapisanan ng mga Presidente ng Konseho ng Village, Ink. (Association of Village Council Presidents, Inc., AVCP)_**

*Ang Mga Serbisyong Panlipunan ay nagsisikap na pabutihin ang base ng pamilya sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga serbisyo upang matugunan ang mga basikong pangangailangan, kabilang ang: pangkalahatang tulong, tulong sa enerhiya, mas matandang mga Amerikano, at pagtataguyod.*

(907) 543-7472; 1-800-478-3521
www.avcp.org

**_Koalisyon ng mga Babae ng Tundra (Tundra Women's Coalition)_**

Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, pakikipag-ugnayang rural, mga serbisyo sa mga bata

**Linya sa Gawain:** (907) 543-3444
**Linya sa Krisis:** (907) 543-3456, 1-800-478-7799
www.tundrapeace.org

**_Yukon-Kuskokwim Health Corporation_**

*Ang YKHC Behavioral Health Services ay nagkakaloob ng maraming holistiko, nagpapahusay ng buhay, nakabase sa kultura na mga serbisyong pangkalusugan para sa mga tao ng Yukon-Kuskokwim Delta.*

**Tagapangasiwa ng Kalusugan na Pang-asal:** (907) 543-6110
**Mga Serbisyong Pang-emerhensiya:**
(907) 543-6100; 1-800-478-2642
www.ykhc.org

## CORDOVA

### *Sentro ng Tagatulong sa Pamilya ng Cordova (Cordova Family Resource Center)*

*Mga tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, linya sa krisis, pagtataguyod, aklatan, pampublikong edukasyon*

**Linya sa Gawain:** (907) 424-5674
**24-na-oras na Linya sa Krisis:**
(907) 424-HELP (4357); 1-866-790-4357
www.cordovafamilyresourcecenter.org

## DILLINGHAM

### *Kapaligirang Ligtas at Malaya sa Takot (Safe and Fear-Free Environment, SAFE)*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, linya sa krisis, pakikipag-ugnayang rural, mga serbisyo sa mga bata, mga ligtas na bahay sa village, pakikipag-ugnayan sa Bristol Bay Native Association*

**Linya sa Gawain**: (907) 842-2320
**Linya sa krisis:** 1-800-478-2316
www.safebristolbay.org

## EMMONAK

### *Tirahan ng mga Babaeng Emmonak (Emmonak Women's Shelter)*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan, pamamagitan sa krisis*
(907) 949-1434
www.emmonakshelter.org

## FAIRBANKS

### *Sentro ng Hindi Marahas na Pamumuhay sa Loob ng Alaska (Interior Alaska Center for Non-Violent Living, IAC)*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagtataguyod, pagpapayo, linya sa krisis, pang-aabuso sa nakatatanda, mga serbisyo sa mga bata, pakikipag-ugnayang rural*

**24-na-oras na Suporta:** (907) 452-2293, 1-800-478-7273
www.iacnvl.org

### *Komperensiya ng mga Punong Tanana (Tanana Chiefs Conference)*

*Karahasan sa tahanan: pagpigil, pagtataguyod, impormasyon at pagrekomenda, pakikipag-ugnayan sa village*

(907)452-8251; 1-800-478-6822
Walang Bayad sa labas ng Alaska: 1-800-770-8251
www.tananachiefs.org

## HOMER

### *South Peninsula Haven House*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, grupo ng pagsuporta, pagtataguyod, linya sa krisis, edukasyon, mga serbisyo sa mga bata*

**Linya sa Gawain:** (907) 235-7712
**24-na-oras na Linya sa Krisis:**
(907) 235-8943; 1-800-478-7712
www.havenhousealaska.org

## JUNEAU

### *Pagtulong sa mga Babae sa mga Emerhensiya Mula sa Pang-aabuso at Panggagahasa (Aiding Women from Abuse and Rape Emergencies, AWARE)*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, pang-aabuso sa nakatatanda, mga serbisyo sa mga bata, pakikipag-ugnayang rural, pagpapayo sa sekswal na pang-aabuso sa bata*

**Linya sa Gawain:** (907) 586-6623
**Linya sa Krisis:** (907) 586-1090, 1-800-478-1090
www.awareak.org

## KENAI / SOLDOTNA

### *The Leeshore Center*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, suporta, pagtataguyod, linya sa krisis, pang-aabuso sa nakatatanda, mga serbisyo sa mga bata, sentro ng pansamantalang paninirahan, programang muling edukasyon ng mga lalaki*

**Linya sa Gawain:** (907) 283-9479
**24-na-oras na Linya sa Krisis:** (907) 283-7257
leeshoreak.org

## KETCHIKAN

### *Komunidad ng Katchikan Indian (Ketchikan Indian Community)*

*Ang seksyon ng Mga Serbisyong Panlipunan ay nagkakaloob ng mga programa sa pamamagitan sa karahasan sa tahanan at pamamagitan sa nambubugbog.*

**Linya sa Gawain;** (907) 228-4917
www.kictribe.org

### *Mga Babae sa mga Ligtas na Bahay (Women in Safe Homes, WISH)*

*Masaklaw na pamamagitan at pagpigil, pakikipag-ugnayan at edukasyon ukol sa karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake at pang-aabuso sa bata.*

(907) 247-WISH (9474), 1-800-478-9474
www.wishak.org

## KODIAK

### *Sentro ng Tagatulong at Krisis sa mga Babae ng Kodiak (Kodiak Women's Resource & Crisis Center)*

*Tirahang kaugnay na karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, mga serbisyo sa mga bata*

**Linya sa Gawain**: (907) 486-6171
**Linya sa Krisis**: (907) 486-3625
www.kwrcc.org

## KOTZEBUE

### *Sentro ng Krisis sa Pamilya ng Maniilag (Maniilaq Family Crisis Center)*

*Karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake: tirahan, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, pagtataguyod sa village*

(907) 442-3724, 1-888-478-3312
www.maniilaq.org

## MAT-SU VALLEY

### *Serbisyo sa Pamilya ng Alaska (Alaska Family Service)*

*Tirahang kaugnay na karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, mga serbisyo sa mga bata*

**Linya sa Gawain:** (907) 376-4080
**24-na-oras na Linya sa Krisis**:
(907) 746-8026, 1-866-746-4080
www.akafs.org

## NOME

### *Grupo ng mga Babae ng Bering Sea (Bering Sea Women's Group)*

*Tirahang kaugnay na karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, pakikipag-ugnayang rural, mga serbisyo sa mga bata*

(907) 443-5491; 1-800-570-5444
beringseawomensgroup.org

## SEWARD

### *Mga Serbisyo sa Komunidad ng Seaview (Seaview Community Services)*

*Karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake: mga ligtas na bahay, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis*

**Linya sa Gawain:** (907) 224-5257
**Linya sa Krisis:** (907) 224-3027
www.seaviewseward.org

## SITKA

### *Mga Sitkan Laban sa Karahasan sa Pamilya (Sitkans Against Family Violence)*

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, pakikipag-ugnayang rural, mga serbisyo sa mga bata*

**Linya sa Gawain**: (907) 747-3370
**Linya sa Krisis:** (907) 747-6511, 1-800-478-6511
www.safv.org

## UNALASKA

***Mga Unalaskan Laban sa Sekswal na Pag-atake at Karahasan sa Pamilya (Unalaskans Against Sexual Assault & Family Violence)***

*Mga ligtas na bahay na kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis*

**Linya sa Krisis:** (907) 581-1500; 1-800-478-7238
www.usafvshelter.org

## UTQIAGVIK

***Mga Babaeng Artiko na Nasa Krisis (Arctic Women in Crisis)***

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, pakikipag-ugnayang rural, mga serbisyo sa mga bata*

**Linya sa Gawain:** (907) 852-0261
**Linya sa Krisis:** (907) 852-0274, 1-800-478-0267

## VALDEZ

***Mga Tagapagtaguyod ng mga Biktima ng Karahasan (Advocates for Victims of Violence)***

*Tirahang kaugnay ng karahasan sa tahanan/sekswal na pag-atake, pagpapayo, pagtataguyod, linya sa krisis, pakikipag-ugnayang rural, mga serbisyo sa mga bata*

**Linya sa Gawain:** (907) 835-2980
**Linya sa Krisis:** (907) 835-2999, 1-800-835-4044
www.avvalaska.org

Proyektong sinusuportahan ng pagpopondo mula sa Opisina ng Karahasan Laban sa mga Babae (Office of Violence Against Women), Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (U.S. Dept. of Justice). Ang mga pananaw sa dokumentong ito ay mula sa mga awtor at hindi kumakatawan sa opisyal na posisyon o patakaran ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S.